Huwag magsabi ang isa sa inyo: O Allāh, magpatawad Ka sa akin kung niloob Mo, maawa Ka sa akin kung niloob Mo, at magtustos Ka sa akin kung niloob Mo. Magtika ito sa paghiling nito.Tunay na Siya ay gumagawa ng niloloob Niya; walang tagapilit sa Kanya

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Huwag magsabi ang isa sa inyo: O Allāh, magpatawad Ka sa akin kung niloob Mo, maawa Ka sa akin kung niloob Mo, at magtustos Ka sa akin kung niloob Mo. Magtika ito sa paghiling nito.Tunay na Siya ay gumagawa ng niloloob Niya; walang tagapilit sa Kanya."} At kay Imām Muslim: "Subalit magtika ito sa paghiling nito at magpabigat ito ng pagkaibig sapagkat tunay na si Allāh ay hindi napabibigatan ng anumang ibinigay Niya."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagsasadepende ng panalangin sa anuman pati kahit pa man sa kalooban ni Allāh sapagkat tunay na iyon ay isang bagay na nalalaman at natitiyak na Siya ay hindi nagpapatawad maliban na loobin Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Walang kahulugan para sa pagsasakundisyon ng panalangin sa kalooban dahil ang kalooban ay isinasakundisyon lamang sa sinumang maaari sa kanya na gumawa nang walang pagnanais dahil sa pamimilit at iba pa rito kabilang sa anumang nagpakawalang-kinalaman si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) doon. Naglinaw nga niyon ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa hulihan ng ḥadīth sa pagsabi niya na walang tagapilit sa Kanya. Gayundin si Allāh ay hindi napabibigatan ng anumang ibinigay Niya. Siya ay hindi nawawalang-kakayahan at walang malaki sa Kanya na anuman nang sa gayon sabihin: Kung loloobin Mo. Ang pagsasadepende ng panalangin sa kalooban Niya ay isang uri ng pagpapawalang-pangangailangan sa kapatawaran Niya. Kaya ang pagsabi ng: "Kung loloobin mo na bigyan ako ng ganito, gawin Mo" ay hindi ginagamit kundi sa isang di-kailangan o walang-kakayahan. Hinggil naman sa nakakakaya at kasabay ng kawalang-pagkaiwas sa kanya at pangangailangan sa kanya, tunay na magtitika sa paghiling sa kanya at hihiling gaya ng paghiling ng isang maralitang walang-pagkaiwas sa hinihiling nito sa kanya. Dinudulugan si Allāh dahil Siya ang Walang-pangangailangan, ang Lubos, ang Nakakakaya sa bawat bagay.